

Mensahe ng Catholic Bishop Conference of Japan  
“Igalang ang Karapatang Pantao Para sa Lahat”

Para sa ating mga kapatid sa simbahan ng Japan

<Pambungad>

Ipinanukala nuong December 10, 1948 sa Ika-Tatlong Sesyon ng United Nations General Assembly ang Pandaigdigang Deklarasyon para sa Karapatang Pantao<sup>1</sup> na sinasalamin ang katotohanan na malaking bilang ng buhay ay nawala sa nakaraang ikadalawang digmaang pandaigdig. Pinapatunayan ng deklarasyon na ang paggalang sa bawat karapatan ng bawat tao at ng mga minority sa lipunan ay wastong basehan ng kapayapaan. Kahit anu pa man, ang Karapatang Pantao ay nilalabag sa loob at labas ng bansa pagkatapos ng animnapung taon mula ng ipinanukala ang deklarasyon. Sa pagbabalik-tanaw sa realidad, ang Catholic Bishops Conference of Japan ay sumasaalinsuod sa unibersal na kahalagahan ng Pandaigdigang Deklarasyon para sa Karapatang Pantao at muling umaapila upang itayo ang lipunan na nakabatay sa pagrespeto sa karapatang pantao.

<Paggalang sa lahat ng tao>

Sa Article 1 ng Pandaigdigang Deklarasyon para sa Karapatang Pantao ay isinasaad na “lahat ng tao ay ipinanganak ng malaya na may pantay na dignidad at karapatan,”<sup>2</sup> na kung saan ang deklarasyon na ang indibiduwal at ang bawat tao sa mundo ay hindi maaaring mapalitan ng walang pagtatangi. Mula sa turo sa Bibliya<sup>3</sup>, kami ay naniniwala na nilikha ng Diyos ang lahat ng tao ayon sa kaniyang imahe, at “ang dignidad ng tao ay handog ng Diyos – hindi ginawa ng mga tao sa lipunan, bilang unibersal, at wala sa sino man na labagin ito<sup>4</sup>.

<Humaharap sa bagong kritikal na yugto ang Karapatang Pantao>

Sa kabila ng mga pagkilos ng mga mamamayan upang protektahan at ipalaganap ang karapatang pantao sa nakaraang 60 taon mula ng ipinanukala sa Deklarasyon ay nababanayad na walang tigil ang paglabag sa karapatang pantao. “Dahil sa hindi pantay na distribusyon ng ikabubuhay na nilikha para sa lahat, at dahil din sa hindi pantay na distribusyon ng mga nakikinabang<sup>5</sup> ay mas lumalawak pa ang pagitan ng mayroon at

wala<sup>6</sup>.” Ang kamalayan ng pagpapahalaga batay sa bagong pandaigdigang pamilihan ay nagpapalalim ng hindi pagkakapantay-pantay at higit sa lahat, ginawa nito ang istraktura upang labagin ang karapatang pantao dahil binibigyan importansya ang pagkamit ng benepisyong ng iilan kaysa ipalaganap ang kabutihan para sa lahat. Seryoso rin ang kinahihitnan sa usapin ng kapaligiran dahil sa pundamentalismo ng bagong pandaigdigang pamilihan kasama ang tagtuyot at pagbaha dahil sa pagbabago ng klima<sup>7</sup>, ang matinding pagtaas ng presyo ng gas at pagkain<sup>8</sup> at ang pinanggagalingan ng tubig ay ginawang pribado<sup>9</sup>. Ito ay mga isyu na matinding dagok sa malawak na saray ng sankatauhan mas lalo na sa mga mahihirap higit kailan pa man.

#### <Kaparaanan Upang Protektahan at Ipalaganap ang Karapatang Pantao>

Kung hindi namalayan ang reyalidad at hindi naaampatan ng lunas para ito harapin, ang papalaking bilang ng mga mahihirap ay mawawalan na ng pagkakataon na mabuhay. Kung ang mga indibidwal, negosyo at bansa ay mananatili sa pagkamit ng pangsariling interes, nayuyurakan ang dignidad ng tao at lalong magiging madahas ang daigdig na kung saan ang mga biktima ng kahirapan at pagkasawi, ang mga tao na ang dignidad ay nilabag ng walang pakundangan, ay masasangkot sa tawag ng karahasan at maging sila mismo ay lalabagin ang kapayapaan<sup>10</sup>. Ang mga pangyayaring ito ay dapat na mabago sa madaling panahon. Hindi natin dapat sayangin ang oras. Dapat natin kamitin “ang daigdig, pinamumunan ng pagtatangi para sa kabutihan ng lahat ng tao imbes na pagnanasa sa tubo para sa iilang tao<sup>11</sup>.” Sa bandang huli, ang Pangdaigdigang Deklarasyon para sa Karapatang Pantao, ang pamantayan na dapat yakapin ng sanlibutan, ay kailangan na muling panindigan at isapraktika sa bawat larangan.

Ang paglabag sa karapatang pantao ng indibidwal ay paglabag din laban sa humanidad mismo<sup>12</sup>. Sinabi ng yuamong Santo Papa John Paul II, “nais kong ipahiwatig na walang karapatang pantao na ligtas kung hindi natin ikokomit ang ating mga sarili upang pangalagaan ang lahat ng mga ito. Sa panahon ng paglabag sa kahit ano sa pundamental ng karapatang pantao at ang pagtanggap ng walang reaksyon, ang lahat ng iba pang karapatan ay nanganganib. Kaya nararapat na mayroong global na pagharap sa paksa ng karapatang pantao at seryosong komitment upang ipagtanggol ito<sup>13</sup>.”

Dagdag pa, hindi lamang mga indibidwal kundi mga bansa at ang internasyunal na

komunidad ay may pasanang responsibilidad para pangalagaan ang karapatang pantao. Tungkol saresponsibilidad ng mga bansa ayon kay Pope Benedict XVI, “Primaryang tungkulin ng lahat ng Estado na protektahan ang kaniyang mamamayan sa matindi at sustinidong paglabag sa karapatang pantao, at maging sa pagkasalanta mula sa mga krisis maging ito man ay gawa ng kalikasan o kagagawan ng tao<sup>14</sup>.”

Upang makapangibabaw sa kasalukuyang kritikal na sitwasyon, lahat ng mga kadahilanan nito ay dapat paisa-isang alisin. Sa ganitong layunin, kailangan nating tingnan ang mundo kung sino ang kumikiling sa mga mahihirap at bulnerable ang kalagayan, sino ang mga walang ugnayan sa krusyal na makataong relasyon, o sa mga nasira at di mapakaling buhay ng tao. Kung ang ating pananaw ay hindi para sa mga inalipusta, kahit maging ito ay walang malisyang intensyon, mabubulid ang ating paninindigan sa panig ng mga nagsasabing ang paglabag sa karapatang pantao ay hindi maiiwasan.

Kaya mga mahal kong kapatid, manalangin tayo at sa tuwina ay kumilos upang maging totoo ang lipunan na kung saan ang lahat ay aktibong lumalahok, namumuhay na may dignidad bilang tao at ipanumbalik ang ugnayan sa bawat isa, “ipalaganap na ang karapatang pantao ay tungkulin kasunod ng pagmamahal sa kapwa,<sup>15</sup>” “may mabisang istratehiya para sa pag-alis ng di pagkapantay sa pagitan ng mga bansa at mga grupo sa lipunan at patatagin ang seguridad<sup>16</sup>. “Kung igagalang natin ang dignidad ng tao at karapatang pantao na magkasama at isang buo, ay maipapalaganap ang kabutihan para sa lahat ng tao at lipunan na hindi hunkag<sup>17</sup>.”

December 10, 2008

Sa okasyon ng ika-60 anibersaryo ng Pandaigdigang Deklarasyon para sa Karapatang  
Pantao  
Catholic Bishops’ Conference of Japan

---

<sup>1</sup> Universal Declaration of Human Rights, the official name.

<sup>2</sup> Cf. Universal Declaration of Human Rights, Article 1.

<sup>3</sup> “God created man in his image; in the divine image he created him; male and female he created them.” (Genesis 1:27)

“The LORD God formed man out of the clay of the ground and blew into his nostrils the breath of life, and so man became a living being.”(Genesis 2:7)

“What is man that you should be mindful of him; or the son of man that you should care for him? You have made him little less than the angels,,,” (Psalms 8:5-6)

<sup>4</sup> Cf. Peace Message After 60 Years From the End of World War II, The Road To Peace Based On Nonviolence, Now Is The Time To Be Prophetic. Catholic Bishops’ Conference of Japan, Annual Ten Days for Peace 2005.

<sup>5</sup> Cf. Encyclical Letter *Sollicitudo Rei Socialis* of Pope John Paul II, n9. (December 30,1987)

<sup>6</sup> Cf. United Nations Economic and Social Council, Report on World Social Situation Finds “Much of World Trapped In Inequality Predicament.”  
(<http://www.unic.or.jp/new/pr05-074-J.htm>)

<sup>7</sup> Cf. *Ibid.*, 2007/2008, “Fighting Climate Change: Human Solidarity in a Divided World.” (<http://www.undp.or.jp/hdr/pdf/release/2007-2008.pdf>)

<sup>8</sup> Cf. Food and Agriculture Organization, Global Information and Early Warning System Homepage, Regional Food Price Update.  
(<http://www.fao.org/giews/english/ewi/cerealrprice/4.htm>)

<sup>9</sup> Cf. United Nations Development Programme, Human Development Report 2006 “Beyond Scarcity: Power, Poverty, and the Global Water Crisis.”  
([http://www.undp.or.jp/publications/pdf/undp\\_hdr2006.pdf](http://www.undp.or.jp/publications/pdf/undp_hdr2006.pdf)) Privatization of water systems is globally underway at a fair speed as indicated in the Human Development Report 2006, “The vast majority of the poor are already purchasing their water in private markets. These markets deliver water of variable quality at high prices.”

<sup>10</sup> Cf. Address of Pope Benedict XVI to the General Assembly of the United Nations Organization. (April 18, 2008)

<sup>11</sup> Cf. Encyclical Letter *Sollicitudo Rei Socialis* of Pope John Paul II, n10. (December 30,1987)

<sup>12</sup> Cf. Pope John Paul II, Message for World Day for Peace, 2000, “an offense against human rights is an offense against the conscience of humanity as such, an offense against humanity itself.”

<sup>13</sup> *Ibid.* , 1999

<sup>14</sup> Address of Pope Benedict XVI to the General Assembly of the United Nations Organization. (April 18, 2008)

<sup>15</sup> Cf. Pope John Paul II, Message for World Day for Peace, 1998.

<sup>16</sup> Address of Pope Benedict XVI to the General Assembly of the United Nations Organization. (April 18, 2008)

<sup>17</sup> Cf. Pope John Paul II, Message for World Day for Peace, 1999.